# 소망의 여인들

## Prayer Calander

2025년 5월

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 110,000 na mga tao



**Panalangin para sa Kababaihang Asyano**

Ang Mongolia ay matatagpuan sa hilagang Silangang Asya at ito ang ika-18 pinakamalaking bansa sa mundo, pitong beses ang laki ng Korean Peninsula. Nagsimula ang Mongolia TWR Women of Hope ministry noong Setyembre 2023, at ang programang Women of Hope ay nai-broadcast sa buong bansa sa FM radio mula noong Enero 2025. Bagama't nasa maagang yugto pa lamang nito, mabilis na lumalago ang impluwensya nito, na may content na nai-post sa social media at pati na rin sa YouTube. Nakatuon ang ministeryong ito sa pagtugon sa pisikal, emosyonal, at espirituwal na pangangailangan ng kababaihan at pagbabahagi ng lakas, pag-asa, at pananampalataya kay Jesucristo kahit sa gitna ng malalaking hamon ng buhay.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면
매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니다.

**1**. Panginoon, palawakin Mo nawa ang maaabot ng mga programa ng Women of Hope sa Afghanistan sa mga wikang Dari at Pashto upang mas maraming kababaihan ang mabago ni Jesus. (Matt. 28:19-20)

**2**. Ama, magdala Ka nawa ng katatagan sa ekonomiya ng Cambodia, kasama na ang presyo at sweldo, upang ang mga tao ay hindi na kailangin pang mangibang bansa. (Ps. 72:12)

**3**. Dalangin namin ang komprehensibong batas sa China upang matugunan ang karahasang pangtahanan at pagpatay sa mga kababaihan. Panginoon, ingatan Mo nawa ang mga kababaihan mula sa anumang pinsala at baguhin Mo ang mga taong gumagawa ng karahasan. (Ps. 82:3-4)

**4**. Diyos, Ikaw lamang ang maaring magpabago ng puso. Dalangin namin ang pagbabago sa ugaling nakasanayan sa India. Nawa ay matuto silang gumalang, magparangal at tratuhin ng tama ang mga kababaihan sa lahat ng antas ng buhay. (Prov. 21:1)

**5**. Ama, ang pagkamatay dahil sa panganganak ng mga kababaihan sa Indonesia ay dumarami. Nawa ay magbigay ang pamahalaan ng libreng serbisyo medical para sa mga mahihirap na kababaihang buntis. (Ps. 23:4)

**6**. Ama, nawa ang mga solong ina sa Japan na nakakaranas ng kahirapang pang-ekonomiya ay makatanggap ng tulong mula sa simbahan, lipunan at pamahalaan. (Ps. 22:24)

**7**. Diyos, palakasin Mo nawa ang pananampalataya ng mga Kristiano sa North Korea na kinakailangang sumamba ng palihim. Nawa ay dumating ang araw na malaya na silang makakasamba at makapagbahagi din ng ebanghelyo sa iba. (Rom. 5:3-4)

**8**. Panginoon, palakasin Mo ang mga kababaihang Mongolian sa pagsasagawa nila ng mga gawain tulad ng pag-aalaga, pagpapalaki sa anak at mga gawaing bahay. Bigyan Mo nawa ng mabuting kalusugan ang kanilang kaisipan at pangangatawan. (Prov. 31:27-30)

**9**. Diyos, magdala Ka nawa ng kagalingan, katapangan sa pag sasalita at isang pamayanang may malasakit para sa mga kababaihang Nepali na dumaranas ng pang-aabusong seksual mula sa kanyang asawa at dahil na rin sa kaugaliang pangrelihiyon. Nawa ay mapanumbalik sila sa Iyo. (Ps. 34:18)

**10**. Ama, alalahanin Mo ang aming mga kamanggagawa, M at N, sa Pakistan, sa kanilang kahilingan upang magkaroon ng anak. (1 Sam. 1:27)

**11**. Ama, dalangin namin, ang mas maayos na nutrisyon, pangangalagang pangkalusugan at suporta para sa mga ina at anak sa Timor-Leste. (3 John 1:2)

**12**. Karamihan sa mga kababaihan sa Vietnam ay hindi marunong bumasa at sumulat dahil sa kahirapan at nakasanayang kaugalian. Diyos, nawa, ay magkaroon sila ng pagkakataon na makapag-aral, magkaroon ng mga programang pang-edukasyon at pagbabago sa mga nakasanayang kaugalian. (2 Cor. 9:8)

**TWR Korea 북방선교방송**
서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr

**13**. Diyos, baguhin Mo ang kaisipan at kultura sa Afghanistan upang ang mga kababaihan doon ay payagang makapag-aral at makapagtrabaho. (Prov. 1:5)

**14**. Panginoon, protektahan Mo ang mga mamamayan ng Cambodia mula sa mga nananakot sa kanilang seguridad sa pamamagitan ng pagnanakaw, pagkidnap, pang-aabusong seksual at iba pang marahas na krimen. (John 14:27)

**15**. Diyos, baguhin Mo ang kultura sa China na ang mga kababaihan ay pinipilit ipakasal sa murang edad. Kung sila ay hindi pa nakakasal pag lagpas ng edad 20, sila ay itinuturing na mga “tira-tira”. (Prov. 3:5-6)

**16**. Panginoon, dalangin namin ang madalian at patas na hustisya para sa mga kababaihan sa india na nagdurusa dahil sa pang-aabuso. Nawa ang sistema ay mabago upang masuportahan ang kanilang kagalingan at panunumbalik. (Ps. 10:14)

**17**. Diyos, nawa, ang maraming kababaihan sa Indonesia na nakakaranas ng depresyon at nagnanais magpakamatay dahil sa pang-aabuso o karahasan na ginawa sa kanila ay makatanggap ng libreng tulong propesyonal. (Matt. 11:28)

**18**. Ama, mahabag Ka at pagalingin Mo ang mga may karamdaman sa pisikal at sa pag-iisip sa Japan. Nawa ay tanggapin nila sa Cristo at makasumpong sila ng pag-asa sa Kanya. (Ps. 103:1-5)

**19**. Panginoon, ang South Korea ay nababagabag dahil sa mababang bilang ng ipinapanganak. Nawa, ay magkaroon ng sistema upang magkaroon ng bakasyon ang mga buntis, maalagaan ang mga anak at iba pang bagay upang mahikayat ang mag-asawa na magkaroon ng anak. (Ps. 127:3)

**20**. Diyos, tulungan Mo ang mga kababaihan sa Mongolia lalo na ang nasa mga kanayunan na nawa ay makakuha sila ng maayos na pangangalagang pangkalusugan. (Jer. 30:17)

**21**. Ama, ang mga Kristianong kababaihan sa Myanmar ay nahaharap sa diskrimanasyon, pag-uusig, karahasan at pagtatakwil ng lipunan dahil sa kanilang pananampalataya, nawa ay makasumpong sila ng kanlungan at kalakasan sa Iyo upang makayanan nila ang mga kahirapan. (Ps. 140:4)

**22**. Tumataas ang bilang ng nagdidiborsyo sa mga Kristianong pamilya dahil ang mga kababaihan ay naiimpluensiyahan ng makasanlibutang kaisipan tungkol sa kalayaan. Nawa, ang Iyong Espiritu ang magpagaling sa mga relasyong ito. (Mark 10:9)

**23**. Mahigit 60% ng kababaihan sa Papua New Guinea ay nakakaranas ng pisikal at/o seksual na karahasan sa kamay ng kanilang mga karelasyon. Panginoon, ingatan, pagalingin at bigyan Mo nawa ng hustisya ang mga kababaihang ito. (Ps. 28:7)

**24**. Diyos, loobin Mo nawa na malaman ng minoryang kababaihan sa Vietnamang kanilang halaga sa Iyo. Nawa ay matulungan sila ng TWR Women of Hope na makita ang Iyong pag-ibig at layunin para sa kanila. (Ps. 139:13-14)

**25**. Panginoon, para sa mga nasa Cambodia na naituring na “mababa”, ibalik Mo nawa ang kanilang karapatang pantao na magsalita at malabanan ang kawalan ng katarungan. (Ps. 9:9)

**26**. Ama, magbukas Ka nawa ng epektibong pamamaraan para sa mga kababaihan sa Hongkong na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa panunungkulan bilang pinuno. (Judg. 5:7)

**27**. Maraming kabataan sa Japan ang nakakaramdam na wala silang mapagpipilian kundi ang magpakamatay. Panginoon, nawa ay makatanggap sila ng kaligtasan, pag-asa at kalakasan mula sa Iyo. (Ps. 62:5-6)

**28**. Diyos, hinihiling namin na nawa, ang mga mamamayan, kultura at batas sa South Korea ay tanggapin ang Iyong disenyo para sa pag-aasawa. (Gen. 2:23-24)

**29**. Panginoon, baguhin Mo ang kaugaliang panlipunan sa Mongolia na nalilimitahan ang pag-unlad at pangarap ng mga kababaihan. Nawa, ang mga kababaihan ay maging malaya na linangin ang mga kakayahang kaloob ng Diyos para sa kanila. (Jer. 29:11)

**30**. Ama, bigyan Mo ng tapang ang mga kababaihan sa Nepal na naghihirap dahil sa malubhang karamdaman sa pisikal at isipan. Nawa ay makatanggap sila ng tulong at suporta. (1 Pet. 5:7)

**31**. Tumataas ang bilang ng mga kababaihan sa Timor-Leste na namamatay dahil sa panganganak. Panginoon, magdala Ka nawa ng maayos na pangangalaga para sa mga buntis at magkaroon nawa ng mga mahusay na tagapag-alaga ng mega nanganganak sa bansang ito. (Deut. 7:12-15)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**